

LUNGSOD NG HAYWARD
Paunawa ng Panukalang Pagbobotohan sa
Pangkalahatang Munisipal na Halalan sa Nobyembre 5, 2024 at Deadline sa Paghahain ng mga Argumento sa
Balota

IBINIBIGAY ANG PAUNAWA SA PAMAMAGITAN NITO na isang Pangkalahatang Munisipal na Halalan ang gaganapin sa Lungsod ng Hayward sa Martes, Nobyembre 5, 2024, na isasama sa Pangkalahatang Halalan. Nagmumungkahi ang Konseho ng Lungsod sa sarili nitong mosyon, Resolusyon Blg. 24-137, para sa layunin ng pagsusumite ng sumusunod na Panukala sa Balota ng Hayward___, gaya ng ipinakikilala ni Mayor Salinas, sa mga botante ng Lungsod ng Hayward:

TANONG SA BALOTA

Upang patuloy na magkaloob ng mahahalagang serbisyo sa Lungsod ng Hayward, kabilang ang pagpatay ng sunog, pagrespondeng pang-emerhensya-medikal, proteksyon ng pulisya, pagpapaayos ng lubak, mga pagpapabuti sa kalye, pangkalahatang pagpapanatili ng Lungsod, at pagsasamoderno ng mga nalulumang pasilidad ng Lungsod, kabilang ang para sa pulisya, pampublikong gawain, at mga serbisyo sa komunidad at aklatan ng South Hayward; dapat bang pagtibayin ang panukala ng Lungsod ng Hayward upang maipagpatuloy (nang hindi itinataas) ang umiiral na kalahating sentimo ng buwis sa pagbebenta ng 20 taon, na magbibigay ng \$20,000,000 taon-taon na hindi makukuha ng Estado, na mag-aatas ng mga taunang pag-audit at pagsisiwalat sa publiko?	OO
	HINDI

BUOD NG PANUKALA

Noong Marso 4, 2014, inilagay ng Konseho ng Lungsod ang Panukala C, isang panukala sa balota hinggil sa mga pangkalahatang Buwis sa mga Transaksyon at Paggamit (Pagbebenta) sa harap ng mga botante para sa pangkalahatang halalan sa Hunyo 3, 2014. Inawtorisahan ng Panukala C ang pagpapataw ng \$0.50% na buwis sa presyo ng pagbebenta ng kongkretong personal na ari-arian at pag-iimbak, paggamit, o iba pang paggamit ng naturang ari-arian. Sa panahon ng pangkalahatang halalan noong Hunyo 3, 2014, nakatanggap ang Panukala C ng karamihan sa mga botong panig sa pagpapataw ng buwis na mawawalan ng bisa pagkatapos ng 20 taon, sa Disyembre 31, 2034.

Hinihingi ng iminumungkahing panukala sa balota sa Nobyembre 5, 2024 ang pag-apruba ng botante na nauugnay sa pagpapalawig ng Buwis sa mga Transaksyon at Paggamit (Pagbebenta) ng dalawampung (20) taon, hanggang 2054, nang hindi itinataas ang buwis sa pagbebenta.

BUONG TEKSTO NG PANUKALA SA BALOTA

Ang kumpletong teksto ng panukala ay makukuha sa website ng Lungsod sa <https://www.hayward-ca.gov/your-government/elections>. Upang makatanggap ng kopya, mangyaring tumawag sa (510) 583-4400 o mag-email sa cityclerk@hayward-ca.gov.

HIGIT PANG IBINIBIGAY ANG PAUNAWA ng Klerk ng Lungsod, alinsunod sa mga probisyon ng mga Seksyon 9285 at 9286 ng Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California, na ang mga sumusunod na deadline ay itinatakda sa pamamagitan nito bilang mga pinal na petsa kung saan ang mga argumento at sagot sa argumentong panig o laban sa panukalang lalabas sa balota para sa Pangkalahatang Munisipal na Halalan na gaganapin sa Nobyembre 5, 2024, ay maaaring isumite sa Klerk ng Lungsod para mailathala at maipamahagi sa mga botante gaya ng iniaatas ng batas:

Deadline sa Paghahain ng mga Primaryang Argumento: 12:00 P.M., Lunes, Agosto 12, 2024

Deadline sa Paghahain ng mga Sagot sa Argumento: 12:00 P.M., Biyernes, Agosto 16, 2024

Ang mga Primaryang Argumento, na hindi lalampas ng 300 salita ang haba, at ang mga Sagot na Argumento, na hindi lalampas ng 250 salita ang haba, ay isusumite sa Klerk ng Lungsod, 777 B Street, Hayward, sa o bago ang mga deadline. Ang mga isinuniteng argumento ay pananatilihang kumpidensyal hanggang sa deadline pagkatapos ng paghahain. Hindi maaaring baguhin ang mga argumento pagkatapos ng deadline.

HIGIT PANG IBINIBIGAY ANG PAUNAWA na magkakaroon ng sampung araw sa kalendaryo na panahon ng pagsusuri para sa pampublikong pagrerepaso sa mga nasabing Argumento. Sa panahong ito, ang sinumang nakarehistrong botante sa hurisdiksyon ng halalan, o opisyal ng mga halalan, ay maaaring humingi ng writ of mandate o utos ng hukuman na nag-aatas na ang anuman o lahat ng materyal ay maamyendahan o mabura. Ang panahon ng pagrerepaso para sa mga Argumento ay gaya ng mga sumusunod: Magsisimula ang mga Primaryang Argumento sa Agosto 12, 2024 at magtatapos sa Agosto 22, 2024; Ang mga Sagot sa Argumento ay magsisimula sa Agosto 16, 2024 ay magtatapos sa Agosto 26, 2024. Ang panahon ng pagrerepaso para sa Walang Pinapanigang Pagsusuri ay magsisimula sa Agosto 8, 2024 at magwawakas sa Agosto 18, 2024.

Ang impormasyon hinggil sa halalan at mga panukala ay makukuha sa website ng Lungsod sa <https://www.hayward-ca.gov/your-government/elections>. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (510) 583-4400 o mag-email cityclerk@hayward-ca.gov

Sa Araw ng Halalan, sa Nobyembre 5, 2024, magbubukas ang mga botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Pinetsahan: Hulyo 5, 2024
Miriam Lens, Klerk ng Lungsod
LUNGSOD NG HAYWARD